

9. Makalipas ang isa't kalahati hanggang dalawang buwan, makikitang puno na nang dumi ng bulate ang kompost bin. Maari na itong anihin.

10. Para sa mas madaling pag-aani, maglagay ng net na may kasamang medyo nabubulok na pagkain sa ibabaw ng kompost bin dalawang araw bago mag-ani. Kusang aakyat ang mga bulate sa pagkain. Ulitin ito ng 3 beses sa loob ng isang linggo. Maghanda ng pangalawang kompost bin o lalagyan na paglilipatan sa mga bulate matapos maihiwalay ang mga bulate sa kanilang dumi sa naunang kompost bin.



11. Sa pag-aani, gumamit ng salandra upang mahiwalay ang purong dumi ng bulate sa ibang dumi na nasa kompost bin. Makaa-ani ang isang kompost bin ng 5 hanggang 6 na sako (40 kilo/bag) ng *vermicast* at 2 sako ng *vermicompost*. Huwag hayaang makain ng bulate ang lahat ng pagkain sa loob ng kompost bin bago mag-ani.



- aktibong tumutulong upang mapataas ang kalidad at *water holding capacity* ng ordinaryong lupa?
- nangangasiwa o nag-aayos ng pagdaloy ng hangin at tubig na pumapasok sa lupa?
- kumukonsumo ng mga organikong bagay na nagiging pataba kapag kanila itong idinumi?

For more information, visit or contact:



**Ramon Magsaysay-Center for Agricultural Resources and Environment Studies**  
CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY  
Science City of Muñoz 3120 Nueva Ecija  
Tel: (044) 940-9263  
website: [rmcares.clsu.edu.ph](http://rmcares.clsu.edu.ph)  
e-mail: [rmcares@clsu.edu.ph](mailto:rmcares@clsu.edu.ph)

Packaged by:



CLSU Science and Technology Centrum  
Extension Office

July 2016

## Paggawa ng Organikong Pataba mula sa Bulate

# Vermicomposting



**Ramon Magsaysay-Center for Agricultural Resources and Environmental Studies**  
Research, Extension and Training  
CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY  
Science City of Muñoz, Nueva Ecija  
Philippines





**Vermicomposting** ang tawag sa paggawa ng organikong pataba sa tulong ng mga bulate. Mula ang pataba sa mga natira at nabulok na pagkain ng bulate o *vermicompost*. **Vermicast** naman ang tawag sa dumi ng bulate.

### Gabay sa Vermicomposting

Materyales na kakailangan:

- 38 piraso ng *hollow blocks* (#4), buhangin at semento
- Lambat (3.5m x 1.5m)
- 1kg African night crawler
- Pinaghalo-halong dahon, dayami, damo, at dumi ng hayop na medyo nabubulok



### Pamamaraan

1. Pumili ng lugar na patag, malilim at malayo sa maingay at matagtag na makinarya. Kung walang mahanap na malilim na lugar, magtayo ng lilim o maglagay ng talukbong sa gagawing kompost bin.
2. Sa paggawa ng kompost bin, ihanay ang dalawa at kalahating *hollow blocks* para sa 1 metrong lapad ng bin at 7 *hollow blocks* para sa 3 metrong haba nito. Gawin ito nang may 2 patong at siguraduhing may lagusan ng tubig o *drainage* upang hindi malunod ang mga bulate sa loob ng bin.



3. Maghanda ng medyo nabubulok nang dahon, damo, dayami at dumi ng hayop bilang pagkain ng mga bulate. Ilagay ang mga ito sa ginawang kompost bin. Maaring haluan ang pagkain ng mga bulate ng mga putol na saha ng saging at sariwang berdeng dahon at nabubulok na dumi ng hayop sa ibabaw ng bin.



4. Diligang mabuti ang pagkain ng mga bulate na nasa kompost bin; siguraduhing hindi naiipon ang tubig sa loob. Panatilihin ang madilim at malamig na kondisyon ng kompost bin.
5. Ilagay nang magkakasama ang 1 kilong bulate sa sulok ng kompost bin kasama/kahalo ang kompost na magsisilbing pansamantalang taguan ng mga ito. Pagkalagay ng mga bulate sa kompost bin, kusa silang lilipat sa ibang parte ng bin upang maghanap ng kakainin.



6. Takpan ang kompost bin ng lambat. Ito ay upang maiwasang makain ng manok, palaka, ibon, bubuli o ng iba pang mga hayop ang mga bulate sa loob.
7. Siguraduhing laging basa ang kompost bin sa pamamagitan ng pagdilig nito tuwing umaga gamit ang tubig-ulan, poso, o bukal. Kung gagamit naman ng tubig mula sa gripo, patiningin muna ito sa isang lalagyan sa loob ng 1 araw upang bumaba ang *chlorine content* nito.



8. Huwag gagambalain ang mga bulate dahil madaling maapektuhan ang kanilang pagkain at pagpaparami. Makalipas ang isang linggo, may makikita nang dumi ng bulate sa ibabaw ng kompost bin. Palatandaan ito na buhay, kumakain, at dumudumi ang mga bulate.